


# Maaari kang makatulong sa pag-iwas sa **colorectal cancer (kanser sa labasan ng dumi).**

*You can help prevent colorectal cancer – Tagalog*

## Kung ikaw ay nasa edad na 45 taon o mas matanda pa, dapat mong simulan ang pagpapa-screen para sa colorectal cancer (kanser sa labasan ng dumi).

Ang colorectal cancer ay isa sa mga nangungunang sanhi ng kamatayan sa kanser sa mga kalalakihan at kababaihan, ngunit madalas itong maaaring maiwasan o matagpunan sa unang yugto, kapag ito ay maliit at maaaring mas madaling magamot sa regular na screening.

Ang pag-iwas sa colorectal cancer o ang pagtuklas dito nang maaga ay hindi kailangang maging magastos. Mayroong mga simple, abot-kayang maiuuwi sa bahay na pagsusuring makukuha. Kausapin ang iyong provider (tagapagkaloob) ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kung alin ang maaaring maging mabubuting opsyon para sa iyo. Anumang pagsusuri ang iyong pipiliin, ang pinakamahalaga ay ang masurian.

Upang madagdagan ang kaalaman tungkol sa colorectal cancer, bisitahin ang website ng American Cancer Society sa **cancer.org** o tumawag sa amin sa **1-800-227-2345.** Narito kami kapag kailangan mo kami.

TAGALOG
©2018, American Cancer Society, Inc. Blg. 080529 Nirebisa 11/18
Ang mga modelong ginamit ay para sa mga layunin ng paglalarawan lamang.